**SIPI SA KATITIKAN NG PANGKARANIWANG PULONG NG KGG. SANGGUNIANG BAYAN NG LUMBAN, LAGUNA NA GINANAP SA BULWAGANG ATTY. BENJAMIN E. AGARAO SR. NOONG IKA-19 NG SETYEMBRE, 2022 SA GANAP NA IKA–09:47 NG UMAGA.**

**MGA DUMALO:**

| | |
|---|---|
| KGG. BELEN B. RAGA | -----------Pangalawang Punumbayan/ Tagapangulo |
| KGG. MA. ROMA R. TABLICO | ----------- Kagawad |
| KGG. MODESTO B. ABADIER | ----------- Kagawad |
| KGG. MARK ANTHONY L. LAGROSA | ----------- Kagawad |
| KGG. IRENEO R. BALDOVINO | ----------- Kagawad |
| KGG. ROSE ANN R. AÑONUEVO | ----------- Kagawad |
| KGG. JOHN DEMBER A. DELOS REYES | ----------- Kagawad |
| KGG. MGGL. JEROMME D. LACBAY | ----------- Kagawad |
| KGG. GERONIMO P. SAMONTE JR. | ----------- Kagawad |
| KGG. ARIEL D. AÑONUEVO | ----------- Pangulo-LnB |
| KGG. DONNIE L. DE VENECIA | ----------- Pangulo-SKF |

**KAPASIYAHANG BLG. 59 T. 2022**

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG MAPITAGANG PAGHILING KAY KGG. CHRISTOPHER LAWRENCE “BONG” TESORO GO, SENADOR NG REPUBLIKA NG PILIPINAS, PARA SA KONSTRUKSYON NG IKALAWANG PALAPAG NG PAMBAYANG PAMILIHAN NG LUMBAN**

**Akda ni KGG. ROSE ANN R. AÑONUEVO**
**Tagapangulo, Lupon ng Pamilihang Bayan at Katayan**

**SAPAGKAT,** ang patuloy ang mga akitibidad pang-ekonomiya sa pamilihang bayan ng Lumban ay patuloy na lumalago kung kaya’t nangangailangan na ng mga karagdagang gusali upang mapaglaanan ang mga dumaraming bilang ng mga manininda na naka-aapekto sa takbo ng trapiko ng mga tao at sasakyan sa bisinidad ng palengke;

**SAPAGKAT**, ang kasalukuyang pangunahing istruktura sa pambayang pamilihan ay pinapanukalang malagyan ng ikalawang palapag dahilan sa kakulangan ng lupang pagtatayuan ng mga bago o karagdagang gusali na mapupwestuhan ng mga manininda;

**SAPAGKAT**, ang Pamahalaang Bayan ng Lumban bilang isang third class municipality ay mayroon lamang limitadong pondo na malaking bahagi nito ay mula sa Internal Revenue Allotment kung kaya’t ang paglalaan ng gugulin para sa isang malaking proyekto gaya ng pagtatayo ng ikalawang palapag ng palengke ay hindi kakayanin;

**SAPAGKAT**, ang panukalang pagtatayo ng ikalawang palapag ng pambayang pamilihan ay magkakaroon lamang ng katuparan sa pamamagitan ng tulong ng butihing Senador Christopher Lawrence “Bong” Tesoro Go, na siyang kabalikat ng mga lokal na pamahalaan sa pagsasakatuparan ng mga plano at layunin ng pamahalaan upang maghatid ng kaunlaran sa mga hikahos na mga bayan at sa mga kanayunan;

**DAHIL DITO**, sa mungkahi ni Kgg. Rose Ann R. Añonuevo, na pinangalawahan nina Kgg. Geronimo P. Samonte Jr., Kgg. John Dember A. Delos Reyes, Kgg. Donnie L. De Venecia at sinang-ayunan ng lahat ng mga nagsidalo ay;

**IPASIYA**, gaya ng dito ay **IPINAPASIYA** na, pagtibayin ang Kapasiyahang pinagtitibay na mapitagang humihiling kay Kgg. Christopher Lawrence "Bong" Tesoro Go, Senador ng Republika ng Pilipinas, para sa konstruksyon ng ikalawang palapag ng Pambayang Pamilihan ng Lumban;

**IPINASIYA PA RIN**, na padalhan ng sipi ng Kapasiyahang ito ang tanggapan ng butihing Senador Christopher Lawrence "Bong" Tesoro Go sa Rm. 507 and 14 (New Wing 5ft floor) GSIS Building, Financial Center, Diokno Blvd., Pasay City at sa iba pang kaukulang tanggapan para sa kaniyang kabatiran at gabay.

**PINAGTIBAY**, ngayong ika-12 ng Setyembre, 2022.

**PINATUTUNAYAN KO,** ang katumpakan at kawastuan ng kapasiyahang ito.

**CORAZON B. PADUA**
*Kalihim ng Sangguniang Bayan*

**Nagpatotoo :**

**BELEN B. RAGA**
*Tagapangulo/ Pangalawang Punumbayan*

**Pinagtibay :**

**ROLANDO G. UBATAY**
*Punumbayan*

*Xcerpt091922res59*